

Agosto 30, 2026

Ika-Dalawanput dalawang Linggo sa Karaniwang Panahon

Jeremias 20,7-19; Roma 12,1-2; Mateo 16,21-27

PANIMULA

Minsan, may isang tagagabay sa bundok na naghatid ng grupo ng mga umaakyat sa isang mapanganib na landas. Sa isang mahirap na bahagi, natakot ang isang batang umaakyat at gustong bumalik na lamang. Marahang sinabi sa kanya ng gabay, "Ang pinakaligtas na lugar ay hindi laging ang lugar kung saan ka huminto; kung minsan, ang pinakaligtas na lugar ay ang landas na patungo sa itaas." Dahil sa tiwala sa gabay, nagpatuloy ang binata, at nang maglaon ay natuklasan niya ang isang kahanga-hangang tanawin na naghihintay sa taluktok.

Sa Ebanghelyo ngayon, gustong pigilan ni Pedro si Hesus sa pagtahak sa mahirap na daan patungong Herusalem, ang daang aakay sa pagdurusang at sa krus. Nagsasalita si Pedro dahil sa pagmamahal, takot, at likas na damdamin ng tao. Ngunit ipinapakita ni Hesus na ang paraan ng Diyos ay kadalasang lubhang naiiba sa ating paraan. Ang landas ng tapat na pagmamahal ay hindi laging madali, ngunit ito ang landas na patungo sa buhay.

Ngayon, inaanyayahan tayong tapatan ang ating sarili. Tulad ni Pedro, ang ating pananampalataya ay maaaring maging matatag sa isang saglit at mahina naman sa susunod. Mahal natin si Kristo, ngunit tinatanggihan natin ang sakripisyo. Nais natin ang kaluwalhatian ng pagiging alagad nang wala ang halaga ng pagiging alagad. Gayunpaman, hindi itinatakwil ni Hesus ang mahihinang alagad. Buong pasensya niya silang hinuhubog, pinalalakas, at tinatawag na sumunod sa kanya.

Habang naghahanda tayong ipagdiwang ang mga banal na misteryong ito, hilingin natin sa Panginoon na patawarin ang ating takot, ang ating pagiging makasarili, at ang ating pagtanggì sa krus, at panariwain sa atin ang apoy ng tapat na pagmamahal.

HOMILIYA

Minsan, pinagmasdan ng isang batang lalaki ang kanyang ama habang tinuturuan siyang magbisikleta. Tumakbo ang ama sa tabi niya, mahigpit na hawak ang upuan. Paulit-ulit sinabi ng bata, "Wag mo akong bibitawan, Itay!" Sa wakas, sa isang sandali, marahang binitawan ng ama ang kanyang kamay. Nayugyog ang bata, natakot, halos matumba --- ngunit natuklasan niyang kaya na niyang magbisikleta. Nang maglaon, tinanong niya ang kanyang ama, "Bakit mo ako binitawan?" Sumagot ang ama, "Dahil kung palagi kitang hawak, hindi ka na magiging kung sino ang dapat mong maging."

Ang pagmamahal ay nangangalaga. Ngunit ang tunay na pagmamahal ay alam din kung kailan dapat payagan ang isa pang tao na tahakin ang mahirap na landas patungo sa paglago, katotohanan, at misyon.

Iyan mismo ang masakit na sandaling ating kinakaharap sa Ebanghelyo ngayon.

Malalim ang pagmamahal ni Pedro kay Hesus. Ilang talata lamang ang nakalipas, ginawa ni Pedro ang dakilang pagpapahayag ng pananampalataya: "Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay." Buong pusong pinuri siya ni Hesus: "Mapalad ka, Simon na anak ni Jonas." Ngunit ngayon, ilang sandali pa lamang ang lumipas, sinabi ni Hesus sa kaparehong si Pedro: "Lumayo ka sa akin, Satanas! Hadlang ka sa aking landas."

Anong nakakagulat na pagbabago.

Sa isang saglit, tinawag na "mapalad" si Pedro; sa susunod naman, tinawag siyang "Satanas." Sa isang saglit, siya ang bato; sa susunod, siya ang batong katitisan.

Bakit ganoon katindi ang tugon ni Hesus?

Sapagkat si Pedro, bagama't naudyukan ng pagmamahal, ay sinusubukang pigilan si Hesus sa pagtanggap ng krus. Hindi matanggap ni Pedro ang isipan ng pagdurusa ni Hesus. "Panginoon, huwag sanang mangyari ito sa iyo!" Ito ang sigaw ng pagmamahal, katapatan, takot, at damdaming pantao. Ngunit nakilala ni Hesus sa mga salita ni Pedro ang parehong tuksong kanyang hinarap sa ilang --- ang tukso ng pangangalaga sa sariling kapakanan, ang tukso na iwasan ang pagdurusa sa anumang paraan.

At sa katotohanan, sino ba sa atin ang hindi makakaunawa kay Pedro?

Lahat tayo ay sumusubok na protektahan ang ating sarili at ang mga mahal natin sa buhay mula sa pagdurusa. Kusang-loob na magdurusa ang mga magulang kapalit ng kanilang mga anak. Nagdurusa ang isang asawang lalaki kapag nagdurusa ang kanyang asawa. Nagdurusa ang isang anak na babae kapag may sakit ang kanyang matandang ina. Likas na nais ng pagmamahal na maging kalasag.

Minsan, nagsalita ang isang doktor tungkol sa pag-aalaga sa mga pasyenteng may malalang karamdaman. Sinabi niyang isa sa pinakamahirap para sa mga pamilya ay ang pagtanggap na hindi nila lahat kayang kontrolin. Gusto nila ng iba pang gamutan, ibang ospital, ibang himala. Kung minsan, desperadong sinusubukan ng pagmamahal na pigilan ang hindi maiiwasan. Ngunit may mga sandaling ang pinakamalalim na pagmamahal ay hindi ang pangongontrol, kundi ang pagsama --- ang paglalakad kasama ng isang tao sa gitna ng pagdurusa sa halip na alisin ito.

Hindi pa handa si Pedro para sa ganitong uri ng pagmamahal noon.

Alam ni Hesus na ang katapatan sa misyon ng kanyang Ama ay aakay sa kanya patungong Herusalem, tungo sa pagtanggì, pagdurusa, at krus. Dahil sa kawalang-katarungan at katigasan ng mundo, walang ibang landas. Ang pag-iwas sa krus ay nangangahulugan ng pagtalikod sa misyon.

Kaya't sinabi ni Hesus ang mahihirap na salitang ito: "Kung may nais sumunod sa akin, itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin."

Kadalasan, hindi tama ang pagkakaintindi sa mga salitang ito. Hindi niluluwalhati ni Hesus ang pagdurusa para lamang sa sarili nito. Ang Kristiyanismo ay hindi isang relihiyong naghahangad ng sakit. Pinagaling ni Hesus ang maysakit, pinakain ang gutom, inaliw ang mga may bagbag na puso, at ipinagtanggol ang mga inaapi. Kailanman ay hindi niya sinabi sa mga tao na mahalin ang pagdurusa. Sa halip, itinuturo niya na ang katapatan sa katotohanan, pagmamahal, katarungan, at Ebanghelyo ay minsan ay magdudulot ng pagdurusa.

Ang isang guro na tumitindig para sa katapatan ay maaaring maging hindi kanais-nais.

Ang isang paring nagsasabi ng katotohanan ay maaaring pintasan.

Ang isang kabataang tumatanggi sa katiwalian ay maaaring kutyain.

Ang isang magulang na nagsasakripisyo para sa pamilya ay may kublit na krus.

Ang isang taong nag-aalaga sa may sakit na asawa sa loob ng maraming taon ay nagdadala ng krus ng pagmamahal.

Ang krus ay hindi walang-kabuluhang paghihirap; ito ang halaga ng tapat na pagmamahal.

Naunawaan itong mabuti ng propetang si Jeremias sa unang pagbasa ngayon. Sumigaw siya sa Diyos halos sa pagtutol: "Dinaya mo ako, Panginoon!" Pagod siya, kinukutya, itinatakwil. Ngunit sinabi niya, "May umaapoy na parang na sa aking puso, nakukulong sa aking mga buto." Hindi niya kayang lumayo sa Diyos sapagkat ang apoy sa loob niya ay mas malakas kaysa sa kanyang takot.

May dalawang uri ng apoy na nag-aalab sa mga pagbasa ngayon.

Ang isa ay ang apoy ng pangangalaga sa sariling kapakanan --- ang apoy na nag-aalab kay Pedro.

Ang isa naman ay ang apoy ng pagmamahal na naghahandog ng sarili --- ang apoy na nag-aalab kina Hesus at Jeremias.

Palaging sinasabi sa atin ng mundo: "Unahin mong protektahan ang sarili. Isipin muna ang sarili. Panatilihin ang iyong ginhawa sa anumang paraan." Ngunit ipinapakita ni Hesus ang ibang paraan --- ang paraan ng saganang pagmamahal, sakripisyong paglilingkod, at katapatan kahit mahal ang kapalit.

Minsan, naglingkod ang isang misyonero sa isang liblib na nayon na walang kuryente o maayos na kalsada. May nagtanong sa kanya, "Bakit ka pa dito nananatili? Maaari sanang naging maginhawa ang iyong buhay kung saan man." Ngumiti siya at sinabi, "Sapagkat sa isang punto ng aking paglalakbay, natuklasan kong hindi pareho ang ginhawa at kagalakan."

Iyan ang paradoha ng Ebanghelyo: silang kumakapit sa buhay ay mawawalan nito; silang nag-aalay ng kanilang buhay sa pagmamahal ay makakatagpo nito.

At ito ay pabalik sa atin kay Pedro.

Marahil ang pinakakamangha-manghang pangungusap sa Ebanghelyo ay ito: "Ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking Simbahan."

Talaga? Si Pedro ang bato?

Kung tinawag sana ni Hesus si Pedro na isang umuugoy na tambo, marahil ay naiintindihan natin. Padalus-dalos si Pedro, hindi matatag, hindi pare-pareho. Sa isang saglit, matapang; sa susunod, natatakot. Nangako siya ng katapatan ngunit nang maglaon ay itinanggi pa nga na kilala niya si Hesus. Mas parang karikatura ng bato kaysa tunay na bato.

Gayunpaman, pinili siya ni Hesus.

Bakit?

Sapagkat kinakatawan ni Pedro ang bawat isa sa atin.

May kadakilaan sa atin, at may kahinaan din. May pagkabukas-palad sa atin, at may pagiging makasarili din. Nabubuhay nang magkatabi ang pananampalataya at pag-aalinlangan sa puso ng tao. Ang parehong salungatan na nasa kay Pedro ay dumadaloy sa buong Simbahan at sa buhay ng bawat tao.

Napakarami nang mabuting nagawa ang Simbahan sa kasaysayan --- mga paaralan, ospital, pangangalaga sa mahihirap, mga santo na sumilay ng kabanalan, mga misyonero na naglingkod nang may kabayanihan. Magiging mas mahirap ang mundo kung wala ang Simbahan.

Gayunpaman, dala rin ng Simbahan ang mga sugat, kabiguan, iskandalo, at kasalanan. Marami ang nahihirapan dahil sa mga katotohanang ito. Kung minsan, nagdurusa pa nga ang mga mananampalataya dahil sa Simbahan.

Ngunit sinasabi sa atin ng Ebanghelyo ngayon ang isang mahalagang bagay: sadyang itinatag ni Hesus ang kanyang Simbahan sa mga taong mahihina. Hindi siya pumili ng mga anghel na walang kapintasan; pinili niya ang mga marupok na alagad. Pinili niya si

Pedro nang eksakto kung sino siya --- mahina, padalus-dalos, nahahati, ngunit may kakayahang magmahal.

Nangangahulugan ito na nabubuhay ang Simbahan hindi dahil sa kasakdalan ng tao, kundi dahil sa biyaya ng Diyos.

May isang lumang kuwento tungkol sa isang paring minsang tinanong, "Padre, ano ang pinakamalaking patunay na pinapatnubayan ng Espiritu Santo ang Simbahang Katoliko?" Ngumiti siya at sumagot, "Ang katotohanang nakaligtas ito sa loob ng dalawang libong taon kahit pinapamahalaan ng mga taong katulad natin."

May katotohanan sa katatawanang iyon.

Hindi minamahal ni Hesus ang mga kasalanan at kabiguan ng Simbahan, ngunit patuloy niyang minamahal ang Simbahan sa kabila ng mga kahinaan nito --- tulad ng pagmamahal niya sa atin sa kabila ng ating mga kahinaan.

Isipin kung binubuo lamang ang Simbahan ng mga taong walang kapintasan. Wala sa atin ang mapapabilang dito. Lahat tayo ay makakadama ng kahatulan. Ngunit ang Simbahan ay tahanan ng mga makasalanang unti-unting natututong maging santo.

Nagbibigay ng pag-asa si Pedro sa ating lahat sapagkat ipinaaalala niya sa atin na ang kahinaan ay hindi wakas ng pagiging alagad.

Ang parehong Pedro na tinawag na "Satanas" ngayon ay balang-araw ay magiging matapang na sapat upang mamatay para kay Kristo. Dahan-dahan siyang binago ng biyaya.

Kaya't sinasabi ni San Pablo ngayon: "Huwag kayong makikiayon sa takbo ng mundong ito, kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong isipan." Ang buhay Kristiyano ay isang habambuhay na pagbabalik-loob patungo sa isipan at puso ni Kristo.

Minsan, tinanong ang isang eskultor kung paano niya nagawa ang napakagandang eskultura mula sa magaspang na bloke ng marmol. Sumagot siya, "Naroon na ang eskultura mula pa noon. Inalis ko lamang ang lahat ng hindi dapat naroon."

Iyan ang ginagawa ni Kristo sa atin.

Nakikita niya ang higit pa sa ating mga salungatan, takot, kasalanan, at kabiguan. Nakikita niya ang santong nakatago sa loob ng nahihirapang alagad.

Kaya't ngayon, tinatanong tayo ng Panginoon, bawat isa sa atin:

Susunod ka ba sa akin kapag madali lamang ang landas?

O magtitiwala ka ba sa akin nang sapat upang sumunod sa akin kahit sa krus? Sa huling bahagi ng kanyang buhay, ang parehong Pedro na minsang sinubukang pigilan si Hesus sa pagdurusa ay sa wakas ay nakaunawa. Sinasabi ng tradisyon na noong hinatulan si Pedro ng pagpapapako sa krus sa Roma, hiniling niya na ipako siya nang paulad, sapagkat itinuring niyang hindi siya karapat-dapat mamatay sa parehong paraan ng kanyang Panginoon.

Ang natatakot na Pedro ay naging tapat na Pedro.

Ang batong katitisan ay naging bato.

Ang lalaking minsang nagsabing, "Huwag sanang mangyari ito sa iyo," ay sa wakas ay natutunan na kung minsan, ang pagmamahal ay kailangang dumaan sa krus bago makarating sa muling pagkabuhay.

At marahil, naunawaan din ng amang iyon na nagturo sa kanyang anak na magbisikleta ang isang bahagi ng puso mismo ng Diyos. Hindi ipinangako ng Diyos na hindi tayo kailanman mayuyugyog o mabubuwal. Ngunit ipinangako niya na kailanman ay hindi siya hihinto sa paglalakad kasama natin.

Kahit na nayayanig ang pananampalataya.

Kahit na nililito tayo ng pagdurusa.

Kahit na nahihirapan tayo sa Simbahan, sa iba, o maging sa ating sarili.

Sinasabi pa rin sa atin ni Kristo: "Sumunod ka sa akin."

At kung susundin natin siya, matutuklasan nating sa kabila ng bawat krus ay naghihintay ang biyaya ng muling pagkabuhay. Amen.

- **Translated by William Valdez, Jr., Perth, Australia**